Mga Protocol sa Museo, Gallery at Aquarium: Appendix P

Mga Huling Pagbabago Simula 3/12/21:

- Ang Long Beach ay mailalagay sa Red Tier sa ilaim ng Blueprint ng Estado Para sa Mas Ligtas na Ekonomiya (State's Blueprint to a Safer Economy). Occupancy ng panloob at panlabas na mga museo ay limitado sa 25% ng maximum na occupancy. Mga museo, galleries, at mga aquarium ay maaaring magbukas para sa mga operasong panlabas at panloob. Mga pagbabago sa mga panlabas na kaganapan o outdoor events ay papayagan sa Abril 1, 2021. Mga pagbabago ay may highlight na dilaw.

Ang mga protocol na ito ay kokompletohin ng mga indoor at outdoor na museo, indoor at outdoor ng mga museong pambata, mga botanical gardens, aquarium at iba pang mga katulad na mga pasilidad (mga museos). Ang mga pangangailangan sa ibaba ay naangkop sa lahat ng mga museos. Karagdagan pa sa mga kondisyon na ipinataw sa mga partikolar na mga pasilidad ng State Public Health Officer, na maaaring makita sa https://covid19.ca.gov/industry-guidance/, ang mga pasilidad ay dapat sumunod sa mga Protocol ng Museo, Gallery, Community Center at Aquarium. Dapat maimplementa ang protocol na ito at ipaskil sa pasilidad.

Mga museo ay maaaring magbukas para sa panloob at panlabas na operasyon. Ang panloob na occupancy sa mga museo ay limitado sa 25% ng maximum occupancy. Panlabas na operasyon ay masigasig na hinihikayat. Mga grupo na bibisita sa park ay dapat limitado sa 10 mula sa iba't ibang kabahayan O maxkum na 15 na katao mula sa 3 magkakaibang kabahayan na walang pagsasama ng gma grupo (hal. mga tao ay di maaring pumalit sa iba o sa iba pang mga grupo).

Panlabas na operasyon ay maaaring isagawa alinsunod sa gabay ng California Department of Public Health na tinatatwag na "Use of Temporary Structures for Outdoor Business Operations" na matatagpuan dito sa https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Use-of-Temporary-Structures-for-Outdoor-Business-Operations.aspx. Anumang permit na inilibas ng City na tinatagublin para maglagay ng tent, tolda o mga sun shelter, o estruktura na ginagamit para sa panlabas na operasyon, na kailangan munang kunin bago magsimula ang operasyon.

Ang patnubay na ito ay hindi para sa mga amusment, theme o water parks. Mga museo, gallery, at aquarium na nag-ooperate ng family entertainment center, kasama na ang mga sinehan ay dapat munang panatiliing sarado hanggang sila ay payagan ng magbukas.

Mga museo, galleries at mga aquarium na may playground, lugar ng palaruan, o mga akyatan, ay maaring magbukas ng playground, palaruan o mga akyatan ayon sa diskresyon ng operator at sumusunod sa patnubay ng State na matatagpuan mailto:https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Outdoor%20Playgrounds%20and%20other%20Outdoor%20Recreational%20Facilities.aspx. Lahat ng mga panloob na palaruan, o mga akyatan ay dapat manatiling sarado hanggat ito ay pagayang muli magbukas.

Mga museo na may espasyo para sa mga convention, mga silid na pinaparenta para sa mga meeting, at iba pang mga lugar para sa mga pribadong events ay mananatiling sarado hangga't payagang muli magpatuloy ang mga malalaking mga pagtitipon na may modipikadong o kompletong operason ayon sa isang utos ng pagbubukas o gabay. Huwag ipagpatuloy ang mga palabas, tulad ng mga live animal

shows, maliban na lamang kung ang physical distancing at mga protocol ng sanitasyon ay masesegurado.

Simula sa Abril 1, 2021, mga live events na panlabas (hal. sports mga live na palabas) ay maaaring ganapin alinsunod sa mga tagubilin sa subsection na ito at sa anumang gabay na tinatagubilin ng State/Estado, na matatagpuan sa https://covid19.ca.gov/industry-guidance/. Kapasidad sa mga panlabas na live events ay limitado a 20% ng maximum occupancy, kasama ang mga suites na may 25% maximum na occupancy sa bawat suite at hindi lalagpas sa 3 kabahayan at may maximum na 15 katao sa bawat suite. Ang venue ay dapat mag-implemente ng lingguhang testing ng mga trabahador ayon sa gabay ng State. Mga dadalo sa mga panlabas na live events ay dapat limitado sa mga state lamang. Mga live events na ginaganap sa loob ay mananatiling bawal.

Kasalan o mga burol ay maaaring gawin sa labas o loob ayon sa to "COVID-19 Industry Guidance: Places of Worship and Providers of Religious Services and Cultural Ceremonies" lamang: (1) mayroong physical distancing na 6 talampakan sa pagitan ng mga tao o grupo ng mga tao mula sa iba't ibang kabahayan sa lahat ng oras; (2) mga dumadalo ay mahigpit na susunod sa mga Hakbang ng Physical Distancing n autos ng Long Beach Officer, kasama ang pagsuot ng pantakip sa mukha sa ibabaw ng kanilang bibig at ilong sa lahat ng oras; (3) walang pagkain at inuming may alcohol; at (4) panloob na kapasidad ay limitado sa 25% ng maximum occupancy nga panloob na espasyo.

Lahat ng iba pang mga kaganapan, tuald ng pribadong party o events ay dapat kanselahin o ipagpaliban hangga't ito ay payagan ng Long Beach Safer-At-Home Order.

- ❑ Mga museo na may tindahan ay dapat sumunod sa Retail In-Person Shopping Protocols (Appendix B).
- ❑ Mga restaurants, cafes at mga concession stands sa loob ng museo ay dapat sumunod sa with Dine-In Restaurant Protocols (Appendix H).
- ❑ Mga opisina sa museo ay kailangan sumunod sa Office Worksite Protocols (Appendix G).
- ❑ Mga serbisyo ng paglilinis (Janitorial/Custoial) (CDPH Limited Services guidance)
- ❑ Palaruan sa labas (tignan ang CDPH Outdoor Playground guidance)
- ❑ Mga arcades o mga games (CDPH gabat para sa mga Family Entertainment Centers)
- ❑ Sinehan (CDPH Gabay para sa mga sinehan)
- ❑ Panlabas na live evengs (CDPH Patnubay simula April 1, 2021)

Paki Tala: Ang dokumentong ito ay maaring baguhin sa pagdating ng mga bagong impormasyon at resources seguraduhing palaging subabaybayan ang Long Beach COVID-19 website at www.longbeach.gov/covid19 para sa mga pagbago sa dokumentong ito.

Sakop ng checklist na ito ang mga:

(1) Mga patakaran at pagsasagawa sa lugar ng trabaho para maprotektahan ang kalusugan ng empleyado
(2) Mga hakbang para masegurado sa physical distancing
(3) Mga hakbang para masegurado ang pagkontrol ng impeksyon
(4) Komunikasyon sa mga empleyado at sa publiko
(5) Mga hakbang nang masegurado ang pantay-pantay na akseso sa mga serbisyong kritikal

Ito ang limang importanteng bahagi na kailangan matugunonan sa paggawa ng mga protocol ng inyong pasilidad.

PARA I-REPORT ANG PALABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

Lahat ng mga negosyo ay kailangan magimplementa ng lahat ng mga angkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagpapaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na di naimplementa ay di naaangkop.

Pangalan ng Negosyo: _____

Direksyon ng Pasilidad: _____

A. MGA PATAKARAN AT MGA PAGSASAGAWA SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG MGA EMPLEYADO (LAGYAN NG CHECK LAHAT NG ANGKOP):

- ☐ Lahat ng maaring magtrabaho sa kanilang mga bahay ay inatasan na gawin na ito.
- ☐ Mga bulnerableng mga tauhan (yung mga may idad lampas 65 at may mga pabalikbalik na kondisyong pangkalusugan) ay inatasan na maaaring gawin ang trabaho sa bahay kung kailanman posible.
- ☐ Ang mg proseso ng pagtrabaho ay isinaayos ng mapadami ang oportunidad ng mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay. Bigyan ng konsiderasyon ang pag-alok sa mga trabahador, mga docents, interns at mga tauhang boluntaryo na humihiling ng mga binagong mga tungkulin na makakamenos ng kanilang kontak sa mga kostomer at mga empleyado (hal. pangangasiwa ng imbentaryo kaysa sa magtrabaho bilang kahera o pangangasiwang administratibo sa pamamagitan ng telework).
- ☐ Mga salinsininan o mga hindi sabay sabay na iskedyul ng mapakinabangan ang physical distancing.
- ☐ Lahat ng empleyado (kasama na ang mga bayarang mga tauhan, docents, interns at mga boluntaryo; o kadalasang tinatawag na “mga empleyado”) ay nasabihan na huwag pumasok kung may sakit, o kung may nalapitang tao na may COVID-19. Naiintidihan ng mga empleyado na sundin ang Long Beach Health Office Order para sa self-isolation at quarantine, kung angkop. Mga patakaran ng pag-leave sa trabaho ay pinag-aralan at binago nang masegurado na ang mga empleyado ay hindi mapaparusahan kung sila ay mananatili sa bahay sa dahilan ng karamdaman.
    - May mga impormasyon sa sa mga iniisponsor ng employer o gobyerno na leave para sa mga empleyado na maaari mas madaling kumita habang sila ay nasa bahay. Tignan ang mga karagdagan impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa sick leave at worker’s compensation para sa COVID19 at ang karapatan ng trabahador sa mga compensation benefits at sa pagbalik trabaho kaugnay sa COVID-19 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador.
- ☐ Kung kayo ay nasabihan na isa o mas madami pang empleyado ang nag positibo, o may sintomas na kaparehas ng COVID-19 (kaso), ang employer ay may plano o protocol na naisalugar na mag-isolate ang may kaso sa kanilang bahay at kinakailangan din ang agarang pag-quarantine ng lahat ng empleyado na nilapitan sa trabaho ng may kaso. Dapat bigyan ng konsiderasyon ng employer ang plano para sa lahat ng naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng akseso o ma-test para sa COVID-19 nang ma-determina kung may mga iba pang nahawa sa trabahao, at maaaring mangailangan ng karagdagang hakbang ng pagkontrol ng COVID-19.
- ☐ Pag-check ng sintomas ay gagawin bago pumasok sa lugar ng trabahuhan. Dapat kasama sa pag-check ang pagtanong kung may ubo, maikling paghinga o lagnat at iba pang sinotmas na maaaring dinaranas ng empleyado. Ang pag check ay maaaring gawin sa labas o sa pagdating ng empleyado.

PARA I-REPORT ANG PALABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Ang pag-check ng temperature ay dapat gawin sa lugar ng trabaho, kung maaari.
- ❑ Kung sakaling may 3 o mahigit pa na mga kaso na natukoy sa trabaho sa loob ng 14 araw, dapat ireport ito ng employer sa Long Beach Department Health and Human Services 562-570-INFO.
- ❑ Lahat ng mga empleyado na may kontak sa publiko o sa ibang mga empleyado sa oras ng kanilang trabaho ay aalokin ng libreng pantakip sa mukha. Ang takip na ito ay dapat suot ng empleyado sa lahat ng oras ng trabaho maliban kung empleyado ay nagtratrabaho sa sasakyan, opisina o nag-iisa sa silid. Mga empleyado na may instruksyon mula sa kanilang manggagamot na di sila dapat magsuot ng takip sa mukha ay dapat magsuot ng face shield na may drape sa dulo, para ayon sa mga direktibo ng Estado, kung ito ay mapapahintulutan ng kanilang kondisyon. Isang drape na hapit sa ilalim ng baba ang nirerekomenda. Mga maskarang may one-way valve ay hindi dapat gamitin.
- ❑ Lubusin ang mga gawain ang malimita ang bilang ng mga trabahador gumagamit ng mga lugar sa trabaho ng sabay sabay.
- ❑ Ayusin ang mga espasyo sa opisina, workstations, checkout counters, nang mapayagan ang di kukulang na anim na talamapakn na physical distancing sa pagitan ng mga trabahador.
- ❑ Iwasan ang pakikipag-gamitan ng sasakyan kapag bumabiyahe sa loob ng property.
- ❑ Mga empleyado ay inutusan na hugasan ang pantakip sa mukha araw-araw.
- ❑ Aalokin din ang mga empleyado ng mga gwantes para sa mga gawain na madalas na paghawak ng mga ibabaw o ang paggamit sa pag-check ng sintomas.
- ❑ Bigyan ng konsiderasyon ang paggamit ng plexiglass bilang harang sa mga lugar kung saan ang mga empleyado ay may interaksyon sa mga kostomer tulad ng mga bayaran at sentro ng impormasyon.
- ❑ Mga workstations at mga lugar tulad ng ticket o information booth ay pinaghiwalay ng may anim na talampakan at ang mga karaniwang lugar ay inayos para masegurado ang physical distancing na anim na talampakan.
- ❑ Mga empleyado ay naatasan na magpanatili ng anim na talampakan na distansya mula sa mga bisita at sa bawat isa sa lahat ng lugar ng museo o gallery. Mga empleyado ay maaaring panandaliang lumapit para tumanggap ng bayad at sa iba pa kung kinakailangan.
- ❑ Break rooms, restroom at iba pang mga karaniwang lugar ay palaging ididisinfect sa sumusunod na iskedyul:
  - Break rooms _____
  - Restroom _____
  - Iba _____
- ❑ Hindi sabay sabay ang mga break nang maseguro ang pagpanatili ng anim na talamapakan ng bawat empleyado sa nakatakdang break room o mga break room na inisaayos o sinaradong mga lugar bilang alternatibong pahingahan nang makapag physical distancing kung posible.
- ❑ May mga disinfectant at iba pang katulad na produkto para sa mga empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:

  _____
- ❑ May hand sanitizer na mabisa laban sa COVID-19 para sa lahat ng empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:

  _____
- ❑ Mga empleyado ay kailangan at binibigyan ng sapat na oras para maghugas ng kamay sa bawat 30 minutos, o kung kailan kailangan kung may gwantes. Kung ang pahugas ng kamay ay di

PARA I-REPORT ANG PALABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

maggawa, mag hand sanitizer na may 60% alcohol na para sa empleyado.

- ❑ Ang kopya ng protocol na ito, ay naipamigay na sa mge empleyado.
- ❑ Bawat trabahador ay binigyan ng kanilang sariling tools, equipment at sariling workstation. Ang mga Empleyado ay inatasan na iwasan ang hiraman ng telepono, tablets, mga two-way radio at iba pang supply o equipment ng opisina kung posible. Naatasan din na huwag maghiraman ng PPE.
- ❑ Kung may mga gamit na pinaghihiraman, ito ay isdisinfect ng angkop ng panglinis sa bawat shift o paggamit, kung alin man ang mas madalas, kasama na ng mga sumusnod, mga equipment pang opisina, tulad ng copiers, fax, printer, telepono, keyboards, terminal, ATM PIN pads, staplers, staple removers, letter opener, ibabaw ng recepsyon, mga pinagsasaluhang workstations, equipment ng audio at video (mikropono, stand ng mikropono, mixer boards, TV), walkie talkie, atbp.
- ❑ May panahon na inilaan para sa mga trabahador ng maggawa ang paglilinis sa oras ng trabaho. Ang mga paglilinis ay iniatas bilang bahagi ng mga gawain ng mga empleyado. Baguhin ang oras kung kinakailangan ng maseguro ang regular at masusing paglilinis ng trabahuhan. Maari din kumuha ng taga-linis sa ibang kompanya kung kailangan, para makatulong kung kakailanganin pa nang mas matinding maglilinis.
- ❑ Mga patakaran na isinalarawan sa checklist na ito, maliban doon sa mga nasa terms of employment ay ipinatupad para sa mga tauhan ng delivery at iba pang mga taga ibang kompanya na nasa loob ng establisimiento.
- ❑ Opsyonal—Isalarawan ang iba pang mga hakbang:

_____

B. MGA HAKBANG NANG MASEGURADO ANG PHYSICAL DISTANCING

- ❑ Ang bilang ng nga tao na nasa panloob at panlabas na pasilidad ng museo ay sapat na mababa nang masegurado ang physical distancing ngunit sa anumang kaso ay di lalagpas sa 25% ng maximum na occupancy ng museo.

  Ang maximum na bilang ng mga tao sa loob ng panloob na pasilidad ng museo ay limitado sa:_____
- ❑ Ang pasukan ng museo o gallery ay limitado nang masegurado ang physical distancing na may anim na talampakan ng mga bisita at sa pagbibgay ng mga opsyon tulad ng mga naka-iskedyul na ticket para masegurado ang social distancing. Mga grupo na papasok sa museo ay limitado sa maximum na 10 katao o hanggang sa 3 kabahayan at may maximum na 15 katao na walang paghahalo sa ibang grupo (hindi pwedeng makipag palitan o labas pasok mula sa grupo).
- ❑ Kailangang i-monitor lahat ng mga pasukan nang masubaybayan ang occupancy. Kung saan man posible, magbigay ng pang-isahang, malinaw na pasukan at hiwalay na labasan nang makatulong sa pagpanatili ng physical distancing.
- ❑ Maging handa sa pagpapapila ng mga kostomer habang nagpapanatili ng physical distancing, kasama dito ang paggamit ng mga visual cues o mga senyas na nakikita. Kung kinakailangan (o kung ang mga empleyado ay may hiwalay na pasukan) pagsuot ng takip sa mukha ay maaaring nakapaskil malapit sa entrance ngunit hindi kukulang sa 6 talampakan sa pinakamalapit na kostomer nang ma subaybayana ang occupancy at nang ma direkta ang mga kostomers.

PARA I-REPORT ANG PALABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Maglaan ng mga tauhan para idirekta ang mga bisita na nasa mga mataong lugar para maiwasan ang pagtitipon.
- ❑ Mga tour na pinagsasama ang mga grupo ay hindi na isinasagawa at mga tour guide ay nagpapanatili ng anim na talamapakan ng physical distancing mula sa mga tour group.
- ❑ Isasagawa ang physical distancing sa lahat ng espasyo ng exhibit, minarkahan sa paligid ng mga display nang malaman kung saan tatayo ang mga bisita para makita ang display. Kung posible, mga hiwalay ang ruta para sa pasukan at labasan para sa exhibit, gallery, viewing areas at mga lugar ng mga empleyado ay nilikha para makapag-social distancing at nang mabawasan ang salubungan ng mga tao. Mga one-way na daanan para sa mga naglalakad ay inayos para mabawasan ang tawiran ng mga tao sa loob ng establisimyento.
- ❑ Ang bilang ng mga bisita sa mga maliit na lugar ng exhibit sa loob ng museo ay hinigpitan para sa isang panahon lamang, nang mapanatili ang anim na talampakan na distansya sa mga indibidwal o ibang mga grupo. Lahat ng mga pasukan sa mga lugar ay kailangan subaybayan nang mamonitor ang bilang ng mga bisita na pumapasok sa lugar.
    - Isang tauhan (o mga tauhan kung may iba pang pasukan) na may suot na takip sa mukha ay nakapwesto sa pasukan ng exhibit pero may layo na 6 talampakan sa pinakamalapit na bisita para sundan ang pagpuno at ma-direkta ang mga bisita na luminya na may pagitan na 6 na talampakan kung umabot sa kapasidad.
- ❑ Hindi hinihikayat na magkumpol kumpolan ang mga bisita at empleyado sa mga mataong lugar tulad ng restroom at mga pasilyo.
- ❑ Ayusin ang mga upuan o tanggalin ang mga ibang upuan ng magkaroon ng anim na talampakan na physical distance sa mga kostomer o bisita. Magpaskil ng sa mga upuang pangmaramihan o mga upuang permanente (bangko atbp.) para mapaalalahanan ang mga kostomer/bisita na mag-physical distance mula sa ibang tao na di nila kasama.
- ❑ Mga lugar na ginagamit para sa mga palabas tulad ng mga palabas ng hayop ay isina-ayos nang masegurado ang physical distancing ng mga grupo. Tignan kung makakapagsagawa ang maagang reserbasyon para sa mga palabas at maglagay ng staff para samahan ang mga grupo sa mga wastong lugar ng panooran.
- ❑ Limitado ang shuttle service kung posible at ito ay ayon sa mga obligasyon para sa may kapansanan. Iwasan ng mga empleyado sumakay ng may kasama pag may pupuntahan sa loob ng propepyedad. Kung kailangan bumiyahe ng mga empleyado o kostomer/bisita, dapat may suot na takip sa mukha.
- ❑ Mga magkakasama na galing sa isang tahanan ay di kailangan lumayo ng anim na talampakan sa isa't isa.
- ❑ Mga daanan ay nilagyan ng mga marka para sa one-way na daloy ng mga tao.
- ❑ Mga pampublikong upuan ay inayos nang magkaroon ng physical distancing sa pagitan ng mga kostomer o mga bisita.
- ❑ Mga restroom ng mga empleyado ay hindi pwedeng gamitin ng mga kostomer
- ❑ Palaruan at mga estruktura ng akyatan ay mananatiling sarado.
- ❑ Mga playground sa loob, akyatan at mga lugar ng palaruan ay manatiling sarado. Mga playground, akyatan ant mga lugar ng palaruan ay maaaring magbukas ayon sa diskresyon ng operator at sumusunod sa mga patnubay ng State na matatagpuan dito.

C. MGA HAKBANG SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Mga bayaran na walang kontak ay inilagay o, kung hindi maaari, linisan ang mga sistema ng bayaran ng madalas. Isalarawan:

PARA I-REPORT ANG PALABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Mga karaniwang lugar at mga madalas hawakang mga bagay (hal. mesa, doorknob o hawakan, credit card reader, switch ng ilaw, hilahan, placards, interactive exhibits, atbp.) ay dinidisinifect bawat oras habang bukas ang negosyo gamit ang aprobadong disinfectant ng EPA at alinsunod sa mga instruksyon ng manufacturer. Aalamin ng mga operators ang mga lugar na parating hinahawakan ng mga bata at ididisinfect, tulad ng mga bintana, exhibit, poste na malapit sa sahig.
- ❑ Matinding paglilinis ng labas at loob na ginagamit ng mga empleyado o publiko para mapanatili ang operasyon ng lahat ng panloob at panlabas na exhibit ay gagawin arawaraw. Kasama dito ang mataong mga lugar at mga pinagsasaluhang mga lugar ng trabaho (opisina, meeting room, break room, atbp), at mga lugar na madalas daanan (hagdanan, hawakan, elevator).
- ❑ Hinihikayat ang mga bisita na bumili ng entrance sa online. Kung posible, ticket ay digital na may mga QR code ng magamit ang sistema na paperless at touchless.
- ❑ Kung maaari, itala ang mga pangalan, telepono at email ng mga bisita ng museo na pwede rin gawin sa pagbili ng ticket o rehistrasyon.
- ❑ Ang buong pasilidad ay nililinis arawaraw, mga restroom at mga madalas hawakang lugar, depende sa dami ng beses gamitin. Mga ibabaw na yari sa plastic o metal ay nililinis din. Huwag mag spray ng disninfectant sa mga ibabaw na kahoy, o sidewalk.
- ❑ Mga restroomng pampubliko ay madalas nilinis gamit ang aprobadong disinfectant ng EPA sa sumusunod na iskedyul:

- ❑ Pag-check ng sintomas ay gagawin bago pumasko ang mga bisita. Kasama sa pag-check ang pagtanong kung may ubo, maikling paghinga o lagnat at iba pang mga sintomas na nararamdaman ng bisita. Ito ay maaaring gawin sa labas o sa pagdating ng bisita.
- ❑ Mga bisita na dumadating sa establisimyento ay pagagamitin ng hand sanitizer, at pasusuotin ng takip sa mukha habang nasa establisimyento o sa kapaligiran. Ito ay para sa lahat ng mga adulto at mga bata na matanda sa 2 taon. Pwera ang mga indibidwal na may kondisyon na pang respiratoryo at iba pang kondisyon. Kung posible, mag-alok ng pantakip sa mukha sa mga taong wala nito.
- ❑ Mga bisitang dumadating sa establisimyento na may kasamang mga bata ay kailangan seguradohin na katabi ang mga magulang, iwasan ang paghawak sa ibang tao o bagay na hindi sa kanila, at may maskara kung angkop sa idad.
- ❑ Mga reusable na guide ng gallery ay tinaggal at pinalitan ng mga mapa at guide na pang isang gamitan, mga karatula o mga audio guide ay maaring makamit sa paggamit ng personal na device.
- ❑ Kung angkop sa mga obligasyon ng pasilidad sa mga indibidwal na may kapansanan, ang paggamit ng audio headsets at iba pang equipment na pinapahiram sa mga kostomer/bisita ay hindi muna ipagpapatuloy hanggang hindi ito na didisinfect ng maayos sa bawat paggamit. Kumonsulta sa manufacturer ng mga tamang hakbang sa pagdisinifect, lalo na ang mga may malambot at magaspang na material tulad ng mga earmuffs.
- ❑ Mayroong hand sanitizer, tisyu at mga basurahan para sa publiko sa pasukan ng pasilidad at kung saan mang lugar may pagkain at may inumin.
- ❑ Pasilidad ng sanitasyon na para sa mga empleyado ay mananatiling bukas at parating may stock ng sabon, paper towels, at hand sanitizer ay ibibigay kung kailangan.
- ❑ Mga hands-on na interactive na exhibit kung saan maglalapitan ang mga tao ay sarado.

PARA I-REPORT ANG PALABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ❑ Mga palaruan, akyatan, saradong bounce houses, atbp., ay sarado ayon sa mga patnubay ng estado dahil ito ay naghihikayat ng pagtitipon at mahirap idisinfect.
- ❑ Lahat ng mga interactive exhibits, kasama ang mga petting/touch na mga exhibits sa loob ng mga aquarium, ay maaaring manatiling bukas kung may mga empleyado na mag-iimplementa ng mga kinakailagang pagkontrol ng mga tao at para magdisinfect sa bagawat paggamit. Mga hugasan ng kamay at/o hand sanitizer ay na sa mga estasyon, at sabihan ang mga bisita na gumamit bago at pagkatapos ng mga petting/touch na mga exhibits. Bigan ng konsiderasyon ang pagsara ng mga ganitong exhibits kung kailan posible, lalo na kung may mga bata na malamang magkaroon ng interaksyon o ang pagpagamit ng mga exhibits a walang wastong pagdisinfect at mga hugasan ng kamay.
- ❑ Para maiwasan ang panganib ng Legionnaire's disease o iba pang sakit kaugnay sa tubig, gumawa ng mga hakbang na ang lahat ng sistema ng tubig ay ligtas gamitin pagkatapos ng matagal na pagkakasara ng pasilidad.
- ❑ Opsyonal - Isalarawan (hal. oras para sa mga seniors.):

_____

D. MGA HAKBANG PARA SA KOMUNKASYON SA PUBLIKO

- ❑ Nakapaskil ang kopya ng protocol na ito sa lahat ng pasukan ng pasilidad.
- ❑ Karatula sa pasukan at kung saan man nakapila ang mga kostomer ay papaalam kung ilan ang kasya
- ❑ Mga karatula ay nakapaskil sa pasukan, hintayan, at ang gallery at museo para ipaalala sa mga bisita ang mga patakaran sa pagpasok. Maaaring kasama sa mga patakaran ang mga instruksyon sa paggamit ng hand sanitizer at sa pagsuot ng takip sa mukha habang bumimisita, mapanatili ang physical distancing sa mga empleyado at bisita/grupo at iwasan ang mga di kailangang paghipo ng mga ibabaw. Kung posible, ang mga patakaran ay gawing digital na may kasamang mga pictograms.
- ❑ Mga karatula nakapaskil na nagsasabi sa mga bisita na sila ay manatili sa bahay kung may sakit na may mga sintomas na pang respiratoryo.
- ❑ Mga outlet sa online (website, social media, atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa oras, pangangailangan ng takip sa mukha, limitadong kapasidad, patakaran hinggil sa pag pre-booking, prepayment iba pang mga importanteng mga isyu.
- ❑ Magpaskil sa pasukan na nagpapaalam sa mga empleyado at kostomer na sila ay dapat (i) umiwas sa pagpasok sa pasilidad kung nakakaramdam ng sakit pang-respiratoryo, kasama ang lagnat at ubo; (ii) magpanatili ng anim na talampakan na mininum na distansya sa isa't isa; (iii)bumahing o umubo patungo sa siko (iv) huwag makipagkamayan o makihalubilo ng may di kailangang kontak.

E. MGA HAKBANG NGA MASEGURADO ANG AKSESO SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ❑ Mga kritical na serbisyo sa mga kostomer/kliyente ay binigyan ng priyoridad.
- ❑ Kung saan posible, mga akomodasyon ay naisagawa para sa mga bulnerableng populasyon para ma-akseso ang serbisyo (hal. oras para lamang sa seniors).
- ❑ Mga transaksyon at serbisyo na maaaring gawin sa malayuan ay nailagay na online.
- ❑ Mga hakbang ay itinaguyod para masegurado ang akseso sa mga serbisyo para sa mga

kostomer na may limitasyon sa paggalaw at/o ang mga nasa lugar na mataas ang panganib.

Mga karagdagang hakbang na di kasama sa itaas ay dapat ilista sa hiwalay na pahina, na kailangang ilakip ng negosyo sa documentong ito.

Maari niyong kontakin ang sumusunod na tao kung may tanong o komento hinggil sa protocol na ito:

Pagnalang ng Kontak Sa Negosyo: _____

Telepono: _____

Petsa ng huling pagbago: _____

PARA I-REPORT ANG PALABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV